タガログ語

Mga punto sa pagbabantay
ng isang batang nilalagnat

Kung may mga nakitang sintomas na katulad ng mga nabanggit, tayo’y muling magpasuri.

Kahit sa Pinakabagong Influenza, halos karamihan sa mga bata tulad ng pana-panahong influenza, ang natural na paggaling ng lagnat ay umaabot sa tatlong araw pagkaraan ng limang araw ng pagkalagnat.

Subalit sa mga kaso ng malubhang encephalitis, myocarditis, o kaya’y pneumonia, ito ay maaaring maging sanhi ng dehydration.

Kaya’t, kung ang pagpapagaling ng lagnat ng bata ay isasagawa sa loob ng bahay, hindi dapat hayaang maging mag-isa ang bata, maging maingat sa mga sintomas na nakasaad sa likod ng pahinang ito, palaging suriin ang estado ng mga sintomas ng bata.

Ministri ng Pangkalusugan, Paggawa at Pangkalinga (Ministry of Health, Labor and Welfare)
Kapisanan ng mga Pagamutan para sa mga Bata sa Bansang Hapon (Japan Pediatric Society)

Kung ang pagpapagaling ng lagnat ng bata ay isasagawa sa loob ng bahay, mangyari lamang na siguraduhin ang palagiang pagsusuri sa mga sintomas ng bata. Kung sakali man na may makitang mga sintomas sa bata gaya ng mga sumusunod, mangyari lamang na kumonsulta agad sa lalong madaling panahon sa isang institusiyong pang-medikal.

Mga punto sa pagsusuri (check point) para sa mga sintomas ng Pinakabagong Influenza

- ☐ May mga sintomas na gaya ng paninigas ng mga bisig at binti, panginginig ng katawan, pagtirik ng mga mata, at pangingisay.
- ☐ Mga sintomas tulad ng hindi maipirming naka-pokus ang mga mata, hindi sumasagot kahit tawagin, parating natutulog, at pagkakaroon ng kahinaan sa kamalayan (impaired conciousness).
- ☐ Pagsasalita ng mga bagay na walang saysay, paiko-ikot na pagtakbo sa paligid ng tahanan, at mayroong kakaiba at hindi pangkaraniwang pag-uugali.

- ☐ Hindi magandang kulay ng mukha (pangingitim o kaya ay pamumutla). Pangingitim ang mga labi (bluish discoloration or cyanosis).
- ☐ Mabilis na paghinga (higit sa 60 beses kada minuto), dahil dito ay nahihirapan sa paghinga.
- ☐ May mga sintomas gaya ng paghagok sa paghinga, umaangat ang balikat sa paghugot ng hininga, at paggamit ng katawan sa paghinga.

- ☐ May mga daing ang bata gaya ng: “nahihirapan akong huminga”; “masakit ang dibdib ko”.
- ☐ Hindi umiinom ng inumin, at humigit sa kalahating araw na hindi umiihi.
- ☐ Makikitang may madalas na pagtatae at pagsusuka.
- ☐ Walang sigla, matamlay ang katawan.

※Maliban sa mga sintomas na nakasaad dito, kung may kakaiba sa dati at may pag-aalala, mangyari lamang na kumunsulta sa inyong doktor o sa institusiyong pang-medikal atbp.

Kung nais na ipagsa-alang-alang ang mga nabanggit sa itaas, ang trangkasong Pinakabagong Influenza ay isang sakit na hindi kinakailangan ng espesiyal na suporta sa loob ng tahanan.

Para sa ating kaalaman habang isinasagawa ang pagsupil ng Pinakabagong Influenza, mangyari lamang na ang isang batang nilalagnat sa loob ng tahanan ay bantayan at subaybayan ng higit pa sa dating gawi.

●Para sa mga karagdagang impormasiyon, sumangguni sa mga sumusunod na website:

Ministri ng Pangkalusugan, Paggawa at Pangkalinga (Ministry of Health, Labor and Welfare)
http://www.mhlw.go.jp/bunya/kenkou/kekkaku-kansenshou04/index.html (Salitang Hapon lamang)

Kapisanan ng mga Pagamutan para sa mga Bata sa Bansang Hapon (Japan Pediatric Society)
http://www.jpeds.or.jp/influenza-j.html (salitang Hapon lamang)

翻訳：滋賀県多文化共生地域づくり支援センター Tel 077-521-5421